COUNTY NG SAN DIEGO

MGA BALITANG PAHAYAGAN

PARA SA MADALIANG PAHAYAGAN
Ika-16 ng Agosto, 2021
Kontak: Juanito Amor Jr. (858) 505-7257

ANG MGA BALOTANG PANGKOREO PARA SA GUBERNATORYAL NA RECALL NA ELEKSYON AY IPINADALA NA SA MGA NAKAREHISTRONG BOTANTE

Mahigit sa 1.9 milyon na mga balotang pangkoreo ang paparating na sa mga nakarehistrong botante ng County ng San Diego para sa Ika-14 ng Setyembre na Gubernatoryal na Recall na Eleksyon. Maaari ninyong makita ang inyong balotang pangkoreo sa inyong mailbox kasing aga ng Lunes, Ika-16 ng Agosto. Makikita rin ninyo ang inyong “Bumoto Ako” na sticker sa loob ng inyong opisyal na pakete ng balotang pangkoreo.

Nagpapatuloy din ang maagang pagboto sa opisina ng Tagapagrehistro ng mga Botante sa Kearny Mesa. Ang oras ay tumatakbo mula ika-8 ng umaga hanggang ika-5 ng hapon, Lunes hanggang Biyernes. Gayunman, ang Tagapagrehistro ay hinihikayat ang mga botante na samantalahin ang kaginhawaan ng pagboto sa koreo.

“Hinihikayat namin ang mga botante na maagang kumilos at bumoto mula sa ginhawa ng kanilang tahanan,” sabi ng Interim ng Tagapagrehistro ng mga Botante na si Cynthia Paes. “Pirmahan, i-seal, at ibalik ang inyong balotang pangkoreo sa isang pinagkakatiwalaang source. Kung mas maaga naming matatanggap ang inyong balota, mas maaga naming masisimulan ang pagproseso nito para ito ay kaagad na mabilang kapag nagsara ang mga botohan ng ika-8 ng gabi sa gabi ng eleksyon.”

Maaari ninyong ibalik ang inyong minarkahang balota na nasa pre-paid postage na sobre sa saan mang opisina ng U.S. Postal Service o collection box. Ang mga botanteng nagbalik ng kanilang balotang pangkoreo sa pamamagitan ng U.S. Postal Service ay maaaring ma-track iyon sa pamamagitan ng pag-sign up para sa “Nasaan ang Aking Balota?”.

COUNTY NG SAN DIEGO

MGA BALITANG PAHAYAGAN

PARA SA MADALIANG PAHAYAGAN
Ika-16 ng Agosto, 2021
Kontak: Juanito Amor Jr. (858) 505-7257

Simula Martes, Ika-17 ng Agosto, magkakaroon din kayo ng opsyon na i-drop off ang inyong balota sa isa sa 131 na mga mail ballot drop-off location sa buong county.

In-person na mga lokasyon ng pagboto

Bukod sa mga balotang pangkoreo, 221 in-person na mga lokasyon ng pagboto ay magbubukas sa buong county ng apat na araw, Sabado, Ika-11 ng Setyembre – Martes, Ika-14 ng Setyembre. Samantalahin ang maagang pagboto:

- Ngayon, sa opisina ng Tagapagrehistro ng ika-8 ng umaga hanggang ika-5 ng gabi, Lunes hanggang Biyernes
- Sa lokasyon ng pagboto malapit sa inyo o sa opisina ng Tagapagrehistro sa Sabado, Ika-11 ng Setyembre hanggang Lunes, Ika-13 ng Setyembre, ika-8 ng umaga hanggang ika-5 ng hapon.

Lahat muli ay magbubukas sa Araw ng Eleksyon, Ika-14 ng Setyembre, kapag nagbago ang mga oras sa ika-7 ng umaga hanggang ika-8 ng gabi.

Itong eleksyon, lahat ng in-person na mga botante ay mamarkahan ang kanilang balota sa ballot marking device. Itong device na ito ay hindi nagtatabi, tabulate, o nagbibilang ng kahit na anong mga boto. Makatapos makumpirma ng botante ang kanilang napili sa device, ang botante ay ipri-printa ang kanilang balota, rerepasuhin, at ilalagay ito sa ballot box para mabilang sa opisina ng Tagapagrehistro sa gabi ng eleksyon.

Bakit tayo magkakaroon ng recall na eleksyon? Ang proseso ng recall ay pinapahintulutan ang mga botante para makapagdesisyon kung tatanggalin ang mga naibotong mga pampublikong opisyal mula sa kanilang katungkulan bago matapos ang kanilang termino. Ang California ay isa sa

COUNTY NG SAN DIEGO

MGA BALITANG PAHAYAGAN

PARA SA MADALIANG PAHAYAGAN
Ika-16 ng Agosto, 2021
Kontak: Juanito Amor Jr. (858) 505-7257

19 na mga estado na nagpapahintulot sa anumang naibotong opisyal para ma-recall mula sa kanilang katungkulan.

Ang balota ay maglalaman ng dalawang katanungan:

1) Gusto ba ninyong i-recall ang gobernador?
2) Kung ma-recall, sinong gusto ninyong ipalit sa kanya?

Maaari kayong bumoto sa alinman sa isa or parehas na parte sa recall na balota. Kung higit sa 50% na mga botante ay bumoto para ma-recall ang gobernador, ang ipapalit na kandidato na may pinakamaraming boto ang siyang ihahalal.

Para sa karagdagang kaalaman tungkol sa pagboto sa gubernatoryal na recall na eleksyon, bisitahin ang sdvote.com o tumawag sa (858) 565-5800.

###

COUNTYNEWSCENTER